ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 8| Issue: 10| October 2022|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2022: 8.205 || ISI Value: 1.188

# INAY KO PO, ANG MODYUL KO! PAGSIPAT SA KARANASAN NG ISANG INA SA GITNA NG PANDEMYA

**Adigue, Andrea P.[1], Policarpio, Samantha L.[2]**
[1,2]*Nueva Ecija University of Science and Technology, College of Education*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra11290**
**DOI No: 10.36713/epra11290**

## ABSTRAK

***Ang papel-pananaliksik ay naglalahad ng pag-aaral hinggil sa karanasan ng mga magulang, partikular ang mga ina, sa pagsasagot sa mga gawaing modyul ng kanilang mga anak na nasa edukasyong primarya sa panahon ng pandemya. Hangarin ng pananaliksik na siyasatin ang kuwentong-buhay ng mga ina bilang kabahagi at katuwang ng mga guro sa pagsisiguro ng pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa kabila ng kalagayang pampandemya na kinahaharap ng lipunan. Pangkalahatang layunin sa papel na ito na galugarin ang karanasan ng mga ina na silang sumasagot ng mga gawain sa modyul ng kanilang anak sa panahon ng pandemya. Gayon din ang hangaring masuri ang mga hamon at motibasyon na naghimok sa kanila upang sila ang magsagot ng mga gawain sa modyul ng anak. Sumangguni ang mga mananaliksik sa iba't ibang kaugnay na mga pag-aaral at literatura upang mapagtibay ang papel. Ginamit ang kwalitatibong metodo na may disenyong Husserlian Descriptive Phenomenology at Colaizzi's Seven Steps of Data Analysis upang mailarawan at magalugad ang kuwentong-buhay ng mga ina na silang sumasagot ng mga gawin sa modyul ng kanilang mga anak. Napili ang limang kalahok sa pag-aaral sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa mga sumusunod na kriterya: (1) Ina na may anak na nag-aaral sa primarya, (2) Ina na siyang sumasagot ng gawain sa modyul ng anak. Pakikipanayam ang ginamit na instrumento sa pangangalap ng datos na binubuo ng interview guide na may tatlong open-ended questions. Isang paraan ang pag-aaral na ito upang makabuo ng mga programang makatutulong sa mga magulang na maibsan ang kanilang mga alalahanin. Higit sa lahat, upang magbigay diin na hindi dapat ang mga magulang ang siyang dapat na magsagot ng mga gawain sa modyul ng kanilang mga anak.***

***MGA SUSING SALITA**: modyul, ina, edukasyon, pandemya*

## INTRODUKSYON

Maituturing ngang gagawin ng ina ang lahat para mabigyan ng magandang edukasyon ang kanilang mga anak, kahit anong hirap at sakripisyo ay gagawin nila upang ito'y kanilang mapunan. Laging sinasabi ng mga ina o magulang, ang edukasyon ay isang pundasyong paraan upang ang kanilang mga anak ay makamit ang kasaganahan, at sa pamamagitan ng proseso ng edukasyon, ito din ay instrumento sa minimithing kaalaman at kasanayan.

Upang maipagpatuloy pa rin ang edukasyon kasabay ng pagpapanatili ng kaligtasan ng mga mag-aaral, guro, at iba pang nasa larang ng edukasyon ay isinagawa ang *Distance Learning* bilang paraan ng pagkatuto.

Sa panahon ng modyular na pag-aaral gawa ng pandemya, ang mga ina ang isa sa mga malaking naapektuhan, sapagkat malaki ang hinihinging kalakip na responsibilidad, bagamat hindi sila praktisado sa pagbibigay ng kaalaman sa pamamagitan ng pang akademya, mahirap man at bago ang ganitong responsibilidad ay kailangan nila itong pagtuunan ng pansin sa ngalan ng edukasyon ng kanilang mga anak.

Ayon kay DepEd Undersecretary Diosdado San Antonio, may mga ginagawa nang hakbang ang pamahalaan upang masiguro na lahat ng mag-aaral ay mabibigyan ng pagkakataon na makapagpatuloy sa pag-aaral sa panahon ng bagong normal. 59% ng mga mag-aaral ay gagamit ng tinatawag na print module, 20% ay online, at ang natitirang 20% ay offline digital. Ginagamit na rin ng DepEd ang telebisyon at radio bilang karagdagang paraan para sa tinatawag na *blended learning approach*.

Marahil, marami na sa atin ang nakarinig ng kasabihang, "Ang mga magulang ang unang guro ng mga bata." Sa panahong ito na nagkaroon ng pandemya at ang tanging paraan upang hindi maputol ang pag-aaral ng mga mag-aaral ay magkaroon ng iba't ibang *learning modalities* bilang tugon sa pagkatuto, ano-ano ang gampanin na kailangan tupadin ng mga "unang guro" ng mga kabataang ito?

Ang lahat ay sumasailalim sa bagong pamamaraan ng pamumuhay kasabay nito ang pamamaraan sa edukasyon ng mga mag-aaral. Maraming mga mag-aaral lalo na sa elementarya ang hirap unawain ang kanilang mga aktibidad na nakalakip sa kanilang mga modyul. Sa pamamagitan ng pagmamahal at kagustuhan ng mga magulang o ina na mabigyan ng magandang edukasyon ang kanilang mga anak ay handa silang maging tutor o guro upang tulungan ang kanilang sariling

mga anak. Batid ng karamihan na hindi lahat ng ina ay nakapagtapos sa pag- aaral at hirap din intindihin at paano ipaabot sa mga anak ang mga leksyon at mga aktibidad sa modyul ng kanilang anak kasabay nito ang responsibilidad nila sa kanilang trabaho at bilang asawa.

Ang mga modyul na sinasagutan ng mga ina ay kabilang na sa mga oras at obligasyon at ito'y pagtitimbangin ngayong bagong pamamaraan ng edukasyon. Marami ngang pabirong balita na ang mga ina na ang mga bibigyan ng marka at hindi na ang kanilang mga anak sapagkat sila naman daw ang sumasagot sa mga modyul ng kanilang mga anak, na tila sila ay bumalik sa pag-aaral, pero dito mo din makikita ang mga hindi birong dinadanas nila sa pag lalaan ng oras at pagbabahagi ng kanilang kaalaman sa kanilang mga sinasagutang modyul upang magkaroon ng magandang marka ang kanilang mga sariling anak.

Ang madiskarte ang isa sa mga katangian ng bawat ina at mahalaga din ito sa panahong sila ay kinakailangan bilang guro sa kanilang mga sariling anak na kanilang mga estudyate. Ang ilang buwan nilang gugulin dito ay nag papakita ng dedikasyon at inspirasyon ang pag hihirap nila pati na ang mga kaguruan at lubusin ang panahong ito upang matuto at mas mapalapit sa kanilang mga anak. Ang mananaliksik ay isang ina, kung kayat nilayon galugarin ang karanasan ng mga kalahok upang mailarawan ang penomenang kaugnay sa mga hamon at motibasyon sa panahon ng pandemya. Ang penomenang ito ang ninais suriin ng at naghimok upang isagawa ang pag-aaral. Mahalaga at napapanahon ang pag-aaral na ito dahil upang maipaabot nito ang panawagan ng magulang sa mga guro upang matugunan ang pangangailangan sa pagharap ng mga hamong dulot ng pandemya na nakasasagabal sa motibasyon ng kanilang mga anak sa pagkatuto nang may motibasyon.

## TEORETIKAL NA BALANGKAS

Ang self-Determination Theory ay isang masaklaw na teoryang nakatuon sa personalidad at motibasyon, at sa kung paano nakikisalamuha ang isang indibidwal at dumedepende sa kanyang lipunan (Legault, 2017). Maiuugnay rin ito sa paniniwala nina Ryan at Deci (2000) na nagpapahayag na ang motibasyon ay tumutugon sa kung ano ang nagtulak sa pag-uugali ng tao at humihimok sa kanya para kumilos, pati na rin kung paano nakokontrol ang pag-uugali sa iba't ibang aspekto ng kanyang buhay. Bilang sandigan ng pag-aaral, naniniwala ang mga mananaliksik na mahalagang masuri at magalugad ang mga hamon at motibasyon ng mga magulang na siyang sumasagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang mga anak. Ginamit ang *Husserliam Descriptive Phenomenology at Colaizzi's Seve Steps of Data Analysis* upang mailarawan at masuri ang phenomenon o ang mukha ng pandemyang danas ng mga magulang.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Pangkalahatang layunin sa papel na ito na galugarin ang kuwentong-buhay ng mga ina batay sa kanilang karanasan sa pagsagot ng mga gawain sa modyul ng kanilang anak sa panahon ng pandemya. Gayon din ang hangaring masuri ang mga hamon at motibasyon na naghimok sa kanila upang sila ang magsagot ng mga gawain sa modyul ng anak. Isang paraan ang pag-aaral na ito upang makabuo ng mga programang makatutulong sa mga magulang na maibsan ang kanilang mga alalahanin. Higit sa lahat, upang magbigay diin na hindi dapat ang mga magulang ang siyang dapat na magsagot ng mga gawain sa modyul ng kanilang mga anak.

*Tiyak na layunin ng pag-aaral na sagutin ang mga sumusunod:*

(1) Ano ang kuwentong-buhay ng mga ina batay sa kanilang karanasan sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang anak?

(2) Ano ang motibasyon ng isang Ina sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang anak?

(3) Ano ang hamon sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang anak?

## MGA KAUGNAY NA LITERATURA

### Ang Karanasan at Gampanin ng isang Ina bilang modelo sa pagkatuto ng mga anak sa loob ng tahanan.

Inilathala ng Department of Education, Western Australia (2015) ang buklet na "Pagtuto sa bahay –0 hanggang 4 na taon: Mga aktibidad at masasayang ideya para matulungan ang mga anak mong matuto sa bahay. Para sa mga magulang/tagapag-alaga ng mga batang bata", kung saan tinalakay na ang utak ng mga anak ay 'trabahong isinasagawa' at ang paglalaro ay trabaho sa mga bata. Ipinauunawa rito na makapangyarihan ang paglalaro at likas na paraan ito para matuto ang mga bata. Ipinaliliwanag dito na ang mga bata ay umuunlad nang pisikal, sosyal, emosyonal at kognitibo sa pamamagitan ng paglalaro. Gayun din, sinasabi na mahalaga ang paggabay sa mga bata. Kailangan ng mga bata ang gabay at malinaw at hindi nagbabagong hangganan para matutong gumawa ng mahuhusay na pagpili sa buhay. Natututo ang mga bata tungkol sa mga patakaran sa tahanan at sa komunidad. Nagkakaroon sila ng pag-unawa ng mga kahihinatnan kapag ang mga patakaran ay hindi sinusundan. At sa mga gampanin at karanasang ito sa pagkatuto sa loob ng tahanan ay ang magulang, partikular ang ina, ang pinakamahalagang modelo ng tungkulin sa kanilang mga anak.

### Hamon at Motibasyon ng isang Ina sa Panahon ng Pandemya

May mahalagang tungkulin ang motibasyon sa paghubog ng pag-uugali ng mga kasapi ng anomang organisyon. Masisinag ang motibasyon ng isang ina mula sa artikulong Tuloy ang pagkatuto: Ang Pilipinong mag-aaral sa gitna ng pandemya (2020), kung saan sinambit ni Delia Magallanes, ina ng isang mag-aaral sa isang pribadong paaralan sa Maynila na "Malaki ang epekto sa pamumuhay ang pandemyang [COVID-19]. Lahat tayo nahihirapan sa sitwasyon, subalit ang pag -aaral o pagkatuto ay hindi dapat isawalang bahala. Karapatan ng mga kabataan na makapagaral. May kasabihan nga, "Ang kabataan ang pag-asa ng bayan". Kaya naniniwala ako na kahit anong hirap ng sitwasyon natin, marami namang paraan upang matugunan ang pag-aaral ng mga kabataan. Ang mahalaga ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 8| Issue: 10| October 2022|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2022: 8.205 || ISI Value: 1.188

hindi masasayang ang isang taon sa buhay ng mga mag –aaral. Upang matagumpayan ito kailangan magtulong-tulong ang bawat isa. Bilang magulang, malaki ang responsibility namin para maging maayos at magtagumpay sa pag-aaral ng aming mga anak."

Batay sa mga inilahad, masasabi na napapanahon ang pagsasagawa ng kasalukuyang pag-aaral upang maitampok at mapag-aralan ang kabuuang karanasan ng mga kalahok kabilang na ang kanilang hamon at motibasyon nararanasan sa pagsagot sa mga Gawain sa modyul ng kanilang mga anak. Isang paraan ito upang makabuo ng mga programa na makakatulong sa mga magulang upang maibsan ang kanilang mga alalahanin. Higit sa lahat, upang magbigay diin na hindi dapat ang mga magulang ang siyang dapat na magsagot ng mga Gawain sa modyul ng kanilang mga anak.

## METODOLOHIYA

### *Disensyo ng Pananaliksik*

Ginamit sa Pag-aaral ang *Husserlian Descriptive Phenomenology at Colaizzi's Seven Steps of Data Analysis* upang mailarawan at magalugad ang kuwentong-buhay ng mga magulang na siyang sumagaot ng mga gawin sa modyul ng kanilang mga anak. Ang nanguna sa pagsusulong sa deskriptibong penomenolohiya ay si Edmund Husserl na naglalayong tuklasin, galugarin, at ilarawan ang kahulugan ng isang penomenang nararanasan at sinusuri ang mga datos gamit ang pamamaraang ito (Augusto, 2019). Binaggit naman ni Gaddi (2016) na nag prosesong nakapaloob sa *Colaizzi's sevan steps of data analysis* ay nagtutulak sa mga mananaliksik na pasukin ang komplikadong proseso ng interpretasyon ng mga datos upang tuklasin ang namamayaning tema nito.

### Mga Kalahok

Limang mga magulang na may anak sa primarying pag-aaral ang napili na makilahok sa pag-aaral. Purposive sampling ang pamamaraan sa pagpili upang makahanap ng mga kalahok na kwalipikado batay sa mga sumusunod na mga kriterya: (1) Ina na may anak na nag-aaral sa primarya, (2) Ina na siyang sumasagot ng gawain sa modyul ng anak.

### Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit sa pangangalap ng mga datos ang *interview guide* na may tatlong open-ended questions sa karansan ng mga kalahok sa pagsagot ng mga Gawain sa modyul ng anak. Sa pagpapahusay ng instrumento, ipinabalideyt ito sa 2 propesor na dalubhasa sa larangan ng wika, pantikan at pananaliksik. Ang dalawang propesor na singguni ay kapwa mga guro sa kolehiyo. Isinaalang-alang ang mga suhestiyon at rekomendasyon ng mga balideytor upang maiangkop ang gabay na tanong at matamo ang nilayon ng pag-aaral. Kinapalooban ito ng tatlong tanong bilang gabay sa interbyu- (1) Ano -ano ang dahilan ng pagsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang anak? (2) Ano ang motibasyon ng isang Ina sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang anak? (3) Ano ang hamon sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang anak? Isinagawa ang pakikipanayam sa paraang *online* bilang pagsunod sa *health protocols*, sa kanilang libreng oras, at nagtagal lamang ng 15-30 minuto ang panayam habang ang ibang kalahok na hindi nagpa-interbyu ay binigyan ng isang lingo upang masagutan ang talatanungan.

### Mga Hakbang sa Pag-aaral

Tatlong kalahok na boluntaryong nagbahagi ng kanilang karanasan sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang anak. Bilang pagsasaalang-alang sa etikal na konsiderasyon, humingi ng pahintulot ang mananaliksik at tiniyak na ang personal na pagkakakilanlan at tugon ng mga kalahok ay mananatiling lihim. Ang tugon at iba pang ibinahaging karanasan ng mga kalahok ay gagamitin alinsunod sa layunin ng pag-aaral. Gumamit ng koda ang mananaliksik na I-1-I5 upang matiyak ang pagiging confidential ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.

Bilang panimulang hakbang, ipinaalam ng mananaliksik sa mga kalahok ang mga layunin ng pananaliksik. Pagkatapos, simimulan ang pagkalap ng mga datos sa pamamagitan ng pakikipanayan at direktang pagsagot sa talatanungan. Bilang pagsunod sa *health protocols*, isinagawa ng mananaliksik ang pakikipanayan sa *online* na paraan. Tatlo sa mga kalahok ang nagpaunlak sa online interview habang dalawa naman ang pumili ng pagsagot sa talatanungan sa bakante nilng oras. Nagtagal ng 15-30 minuto ang panayam habang ang ibang kalahok naman ay binigyan ng isang linggo na sagutan ang talatanungan upang hindi makagambala sa kanilang gawain sa bahay.

Matapos na malikom ang mga kinakailangan datos, sinuri ito ng mga mananaliksik gamit ang *Colaizzi's Sven Steps of Data Analysis*. Una, binasa ang lahat ng deksripsyon mula sa mga tugon at mabusising sinuri ang kabuluhan ng mga transkrayb na mga datos. Sinundan naman ito sa pagkuha ng mahahalagang tugon na may direktang kaugnayan sa kanilang mga karanasan sa pagsasagot ng mga Gawain sa modyul ng kanilang anak sa panahong na pandemya. Pagkatapos, bumuo ang mga mananaliksik ng mga pagpapakahulugan mula sa pagsusuri sa mga tugon at muling binasa ang talatanungan upang tiyakin ang kaankupan ng nabuong kahulugan. Matapos matiyak na angkop ang pagpapakahulugan, isinaayos ito sa pamamagitan ng pagkakalster ng mga tema na may kaugnayan sa mga hamon at motibasyon ng mga Ina sa pagsot sa mga Gawain sa modyul ng kanilang anak. Ang pagkaklaster ng mga natuklasang tema ang pinagbatayan sa pagbuo ng komprehensibong deskripsyon sa phenomenon na mabusising sinuri sa pamamagitan ng pagsasagawa ng balidasyon sa mga datos na nalikom. Kasunod naman ito ay ang pagbalangkas ng kabuuong paglalarawan sa penomenang pinag-aralan. Panghuli, binalikan ng mananaliksik ang mga kalahok at tinanong sila sa kaangkupan ng naging kinalabasan sa kanilang naging karanasan. Isinagawa ang balidasyon sa pamamagitan ng paghingi ng komento at suhestiyon upang matiyak na walang anomang karansan o impormasyong nakaligtaan sa isinagwang pagsusuri.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 8| Issue: 10| October 2022|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2022: 8.205 || ISI Value: 1.188

## RESULTA

Matutunghayan sa bahaging ito ang pagsusuri sa karanasan, mga hamon at motibasyon ng mga Ina sa pagsagot ng mga gawain sa modyul ng kanilang anak. Makikita rin dito ang paggamit ng mga kodang I1-I5 upang mapanatiling lihim ang pagkakakilanlan ng mga kalahok.

**Talahanayan 1**
**Karanasan ng mga ina sa pagsagot sa mga Gawain sa modyul ng kanilang anak.**

| Tanong | Koda ng Respondenteng Tumugon | Siping Pahayag |
|---|---|---|
| **Tanong:**<br><br>**Bilang ina, nararanasan kong sagutan ang mga gawain sa modyul ng aking anak dahil __________________________.** | (I3) | • Nahihirapan ang anak ko dahil hindi gaanong maunawan kung papaano sasagutan ang mga gawain sa modyul. |
| | (I1, I2, I3, I4, I5) | • Nahihirapan akong ipaliwanag ang mga aralin sa modyul upang masagot ng anak ko ang mga gawain. |
| | (I1, I2, I3, I4, I5) | • Nahihirapan akong pasunurin ang anak ko sa pag-aaral at pagsagot ng mga gawain sa modyul. |
| | (I4) | • Minsan ay nagsasabay-sabay rin ang gawaing bahay at mga aktibidad na kailangan tapusin. |
| | (I5) | • May mga pagkakataon naman na hindi kayang sagutan ng aming mga anak ang modyul nila dahil sa kakulangan rin ng kaalaman. |
| | (I5) | • Naaapektuhan ang kalagayang mental, kung saan nagdudulot na ito ng stress |
| | (I1) | • Higit na natutuon ang oras ng kanilang anak sa paglalaro kaysa pag-aaral dahil nasa bahay lamang. |
| | (I1) | • Hindi nararamdaman ng kanilang anak na ang bahay ay lugar para sa pag-aaral |
| | (I1, I5) | • Nagkikita-kita sila (ang mga ina ng mga magkakaklase na magkakapit-bahay) para magtulong-tulong sagutan ang modyul ng kanilang mga anak. |
| | (I3, I4) | • Natututo rin sila ng mga aralin ng kanilang anak dahil sa pagsagot sa mga gawain sa modyul |
| | ( I2, I4) | • Nagkakaroon sila ng mahabang pagpapasensiya at pagtitiyaga sa pagtuturo sa kanilang anak. |
| | (I4) | • Nagiging *bonding time* nilang mag-ina ang pagsagot sa mga gawain sa modyul. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 8| Issue: 10| October 2022|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2022: 8.205 || ISI Value: 1.188

Sa Talahanayan I, ay itinala isa-isa ang mga sagot ng mga ina hinggil sa kanilang karanasan sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang anak. Lahat o limang (5) respondente ay nagsabing nahirapan sila sa pagpapaliwanag ng mga aralin sa modyul upang masagot ng kanilang mga anak ang mga gawain; at maging ang pagpapasunod sa mga anak na aralin at sagutin ang mga gawain sa modyul. Dalawa (2) ang nagsabi na kinakailangan nilang magkita-kita ng mga kapwa nanay upang magtulong-tulong sa pagsasagot sa mga modyul ng kanilang mga anak; natututo rin sila sa mga aralin ng kanilang mga anak dahil sa pagsagot sa mga Gawain sa modyul; at nagkakaroon sila ng mahabang pagpapasensiya at pagtitiyaga sa pagtuturo sa kanilang mga anak. Isa (1) ang nakaranas na nahihirapan ang anak dahil hindi gaanong maunawaan kung papaano sasagutan ang mga gawain sa modyul; minsan ay nagsasabay-sabay rin ang gawaing bahay at mga aktibidad na kailangan tapusin; may mga pagkakataong hindi kayang sagutan ng kaniyang anak ang modyul dahil sa kakulangan ng kaalaman; naaapektuhan ang kalagayang mental na nagdudulot sa kanya ng stress, higit na natutuon ang oras ng kaniyang anak sa paglalaro kaysa pag-aaral dahil nasa bahay lamang; hindi nararamdaman ng kanyang anak na ang bahay ay lugar para sa pag-aaral; at nagiging *bonding time* nilang mag-ina ang pagsagot sa mga Gawain sa modyul.

Mahihinuha sa sagot ng mga magulang na may mga magkakatuladd silang karanasan hinggil sa pagsasagot ng mga gawain sa modyul ng kanilang mga anak bagamat marami rin ang mga sitwasyon na sila lamang ang nakadaranas. Sa labindalawang sitwasyong kanilang inilahad ay kapansin-pansin na higit ang mahihirap nilang karanasan kaysa sa positibong karanasan.

Ang mga karanasang ito ay tumutugma sa mga disadbentahe ng *Modular Distance Learning* na nakasaad sa Helpline (2021), kung saan sinasabing hindi lahat ng mag-aaral ay buong pusong ginagawa ang kanilang modyul; (2) ang ilang magulang ay pinamimihasa ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagsagot sa mga modyul ng mga ito; (3) kinokopya na lamang ng ilang mag-aaral ang sagot nang hindi binabasa ang modyul; (4) maraming mag-aaral ang nagsabing hindi naman sila natututo sa mga modyul; at (5) para lamang sa pormalidad ang mga modyul at hindi talaga isinasaloob ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 2**
**Ang Motibasyon ng isang Ina sa Pagsagot sa mga Gawain sa Modyul ng Kanilang Anak**

| Tanong | Koda ng Respondenteng Tumugon | Siping Pahayag |
|---|---|---|
| **Bilang isang ina, motibasyon ko sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng aking anak ang______________________________** | (I4) | • Ang kaalaman na patuloy pa ring makapag-aaral ang anak ko kahit nasa bahay lang. |
| | (I1, I2, I3, I4, I5) | • Kapanatagan ng kalooban ko na makapag-aaral ang anak ko nang ligtas sa kabila ng laganap na pandemya. |
| | (I1, I3, I5) | • Malaki ang natitipid ko sa gastos na nakalaan sa pag-aaral dahil pagsasagot na lamang ng modyul ang kinakailangang gawin. |
| | (I5) | • Kasiguruhang ako mismo ang nakasubaybay sa pag-aaral at pagkatuto ng anak ko. |
| | (I1, I2) | • Nagkakaroon din ako ng kamalayan sa kakayahan at talino ng anak ko. |
| | (I1, I3, I5) | • Ako din na ay natututo sa mga aralin. |

Sa talahanayan 2, inilahad ang motibasyon ng isang ina sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang anak. Lahat o Limang (5) ina ang magkakatulad ng motibasyong nagtataglay ng kapanatagan ng kalooban na makapag-aral ang kanilang anak nang ligtas sa kabila ng laganap na pandemya. Tatlo (3) ang nagsabing motibasyon nila ang malaking katipiran sa gastos na nakalaan sa pag-aaral dahil pagsasagot na lamang ng modyul ang kinakailangang gawin; at ang motibasyon na maging sila man ay natututo sa mga aralin. Dalawa (2) ang may magkatulad na motibasyon na pagkakaroon din ng kamalayan sa kakayahan at talino ng kanilang anak. Isa (1) ang motibasyon ay ang kaalaman na patuloy pa ring makapag-aral ang kaniyang anak kahit nasa bahay lang; ang kasiguruhang siya mismo ang nakasubaybay sa pag-aaral at pagkatuto ng kaniyang anak.

Maaanalisa sa sagot ng mga ina ang kanilang motibasyong pangkalusugan, pangpinansiyal, at pangkognitibo. Makikita rin sa resulta ng pag-aaral na isinagawa nina Grace Hui-Cheb Huang at Kimberly L. Mason (2008) na ang mga motibasyon ng mga magulang na makibahagi sa pag-aaral ng kanilang mga anak ay umunlad sa tatlong tema: (a) kailangang bumuo ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 8| Issue: 10| October 2022|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2022: 8.205 || ISI Value: 1.188

relasyon ang mga magulang; (b) kailangang impluwensyahan ng mga magulang ang pag-aaral ng kanilang mga anak; at (c) edukasyon ang susi para makamit ng mga bata ang tagumpay.

**Talahanayan 3**
**Ang Motibasyon ng isang Ina sa Pagsagot sa mga Gawain sa Modyul ng Kanilang Anak**

| Tanong | Koda ng Respondenteng Tumugon | Siping Pahayag |
|---|---|---|
| **Bilang isang ina, motibasyon ko sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng aking anak ang______________________________** | (I4) | • Ang kaalaman na patuloy pa ring makapag-aaral ang anak ko kahit nasa bahay lang. |
| | (I1, I2, I3, I4, I5) | • Kapanatagan ng kalooban ko na makapag-aaral ang anak ko nang ligtas sa kabila ng laganap na pandemya. |
| | (I1, I3, I5) | • Malaki ang natitipid ko sa gastos na nakalaan sa pag-aaral dahil pagsasagot na lamang ng modyul ang kinakailangang gawin |
| | (I5) | • Kasiguruhang ako mismo ang nakasubaybay sa pag-aaral at pagkatuto ng anak ko. |
| | (I1, I2) | • Nagkakaroon din ako ng kamalayan sa kakayahan at talino ng anak ko. |
| | (I1, I3, I5) | • Ako din na ay natututo sa mga aralin. |

Sa talahanayan 3, inilahad ang motibasyon ng isang ina sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang anak. Lahat o Limang (5) ina ang magkakatulad ng motibasyong nagtataglay ng kapanatagan ng kalooban na makapag-aral ang kanilang anak nang ligtas sa kabila ng laganap na pandemya. Tatlo (3) ang nagsabing motibasyon nila ang malaking katipiran sa gastos na nakalaan sa pag-aaral dahil pagsasagot na lamang ng modyul ang kinakailangang gawin; at ang motibasyon na maging sila man ay natututo sa mga aralin. Dalawa (2) ang may magkatulad na motibasyon na pagkakaroon din ng kamalayan sa kakayahan at talino ng kanilang anak. Isa (1) ang motibasyon ay ang kaalaman na patuloy pa ring makapag-aral ang kaniyang anak kahit nasa bahay lang; ang kasiguruhang siya mismo ang nakasubaybay sa pag-aaral at pagkatuto ng kaniyang anak.

Maaanalisa sa sagot ng mga ina ang kanilang motibasyong pangkalusugan, pangpinansiyal, at pangkognitibo. Makikita rin sa resulta ng pag-aaral na isinagawa nina Grace Hui-Cheb Huang at Kimberly L. Mason (2008) na ang mga motibasyon ng mga magulang na makibahagi sa pag-aaral ng kanilang mga anak ay umunlad sa tatlong tema: (a) kailangang bumuo ng mga relasyon ang mga magulang; (b) kailangang impluwensyahan ng mga magulang ang pag-aaral ng kanilang mga anak; at (c) edukasyon ang susi para makamit ng mga bata ang tagumpay.

**Konklusyon**

Sa isinagawang pag-aaral ay natuklasan ang mga sumusunod:

**Karanasan ng mga ina sa pagsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang anak.**

Higit na marami ang mga karanasang magkakatulad ng mga inang respondente bagamat may mga karanasang partikular lamang na naranasan ng bawat isa sa kanila. Gayundin, higit ang mahihirap nilang karanasan kaysa sa positibong karaansan hinggil sa pagsasagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang mga anak.

**Ang Motibasyon ng isang Ina sa Pagsagot sa mga Gawain sa Modyul ng Kanilang Anak**

Sa resulta ng pananaliksik ay lumabas ang kanilang motibasyong pangkalusugan, pangpinansiyal at pangkognitibo.

**Hamon sa Pagsagot sa mga Gawain sa Modyul ng Kanilang Anak**

Natuklasan sa mga hamong nararanasan ng mga ina ang dami ng kanilang kailangang gampanang responsibilidad at ang kawalan nila ng katiyakan sa sariling kakayahang magturo sa kanilang mga anak.

## REKOMENDASYON

Isang paraan ang isinagawang pananaliksik upang makabuo ng programang makatutulong sa mga magulang na maibsan ang kanilang mga alalahanin. Batay sa resulta ng pag-aaral ay iminumungkahing makabuo ng isang Programa ng Pampamilyang Literasiya na pamumunuan ng paaralan at mga guro na naglalayong makapagbigay ng *training* sa mga magulang, partikular sa mga ina, hinggil sa epektibong paraan ng pagtuturong makatutulong upang matagumpay nilang maturuan ang kanilang mga anak sa kani-kanilang tahanan. Ang impluwensiya ng mga guro upang maibsan ang kawalang tiwala ng mga ina sa kanilang sariling kakayahan sa pagtuturo sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiyang maaaring gamitin sa pagtuturong pantahanan ay magiging epektibo upang maging matagumpay ang pagkatuto ng mga batang mag-aaral. Ang pagkakaroon din ng kasanayan ng mga ina sa tamang pagtuturo sa kanilang mga anak ay makatutulong upang maisawan na sila mismo ang magsagot sa mga gawain sa modyul ng kanilang mga anak.

## SANGGUNIAN

1. *Ahadain, Marlene S. (2020). "Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa atTalasalitaan ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang. WMSU*
2. *Camanto, Kurt, Adren B & Osama, Arifeh. (2020) Makabagong Pagsubok sa Pag-aaral: Epekto ng Blended Learning sa mga mag-aaral*
3. *Candelaria, John Lee (2021) "Pangamba at antala sa harap ng pandemya"*
4. *Huang, Grace Hui-Chen and Mason, Kimberly L. (2008) "Motivations of Parental Involvement in Children's Learning:*
5. *Voices from Urban African American Families of Preschoolers" https://www.google.com/url?sa=i&rct=j&q=&esrc=s&source=web&cd=&cad=rja&uact=8&ved=0CAMQw7AJahcKEwiY8ILYyKf6AhUAAAAAHQAAAAAQAg&url=https%3A%2F%2Ffiles.eric.ed.gov%2Ffulltext%2FEJ793899.pdf&psig=AOvVaw2_wlK9wC9nWfwwIBia6Vw5&ust=1663906784880522*
6. *Madre, Raef John b. (2021) "Mga hamon sa distance learning sa pagturuго-pagkatuto ng Filipino. International Journal research studies in Education.*
7. *Raizza Acuzar, Eunice Algar, at Mark Mercene (2021) "Kwentong Distance Learning: Mga Tinig ng Estudyante, Magulang, at Guro"*
8. *Sullera, F. (2015 Marso). Lawak ngPagpapahalaga ng mga Estudyantesa Asignaturang Filipino kaugnay ngKanilang Akademik Performans*
9. *Thelookout.com.ph. (2021). OnlineClasses: Epektibo nga ba paraMatuloy ang Pasukan?*
10. *Vaness D Dimas, Jillian Mae "Modular Learning Modality: Karanasan ng mga Mag-Aaral Mula sa mga Liblib na Lugar sa Bayan ng Juban (Modular Learning Modality: Experiences of Students Residing in Far-flung Areas in the Municipality of Juban)"*
11. *Helpline (2021). Top 5 advantages of modular learning. Helpline.com.*
12. *https://teachforthephilippines.com/tuloy-ang-pagkatuto/*
13. *https://www.education.wa.edu.au/dl/1gpd2q1*